# TASK FORCE PARA SA MULING PAGDIDISTRITO
# LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO
# KATITIKAN

**Ginanap sa Pamamagitan ng Videoconference**
*(May remote access sa pamamagitan ng teleconference)*
**www.sfgovtv.org**

## Oktubre 4, 2021 – 6:00 PM

## Espesyal na Pagpupulong

**Mga Miyembro:** Jeremy Lee, Jose Maria (Chema) Hernández Gil, J. Michelle Pierce, Matthew Castillon, Arnold Townsend, Lily Ho, Raynell Cooper, Chasel Lee, Ditka Reiner

**1. Atas ng Paninimula at Pagtawag sa mga Pangalan**

*Nagpulong ang Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa isang espesyal na sesyon sa pamamagitan ng videoconference, at nagbigay ng komento ang publiko sa pamamagitan ng teleconference noong Lunes, Oktubre 4, 2021. Pinasimulan ng Kagalang-galang na Tagapangulo, Arnold Townsend, ang pagpupulong nang 6:08 p.m.*

*Nang tinawag ang listahan ng mga pangalan, sina Miyembro Jeremy Lee, Miyembro Hernández Gil, Miyembro Pierce, Miyembro Castillon, Tagapangulong Townsend, Miyembro Ho, Miyembro Cooper, Miyembro Chasel Lee, at Pangalawang-Tagapangulong Reiner ay kinilalang dumalo. Nagkaroon ng korum.*

**2. Pag-apruba sa Katitikan ng Setyembre 17, 2021, Pampasinayang Pagpupulong**

*Tagapagsalita: David Pilpel; nagsalita ukol sa iba't-ibang mga alalahanin patungkol sa Katitikan ng Setyembre 17, 2021 Pampasinayang Pagpupulong.*

**Sinegundahan ni Pangalawang Tagapangulong Reiner si Miyembro Chasel Lee sa paghain ng mosyon na amyendahan ang Katitikan ng Setyembre 17, 2021, Pampasinayang Pagpupulong, upang itama ang mga pagbabaybay sa ilang mga pangalan. Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:**

**Mga Bumoto ng Oo: 9**
**Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**Sinegundahan ni Miyembro Pierce si Miyembro Chasel Lee sa paghain ng mosyon na aprubahan ang naamyendahang Katitikan ng Setyembre 17, 2021, Pampasinayang Pagpupulong. Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:**

**Mga Bumoto ng Oo: 9**
**Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**3. Resolusyon at Pagpapasiya para Pahintulutan ang mga Pagpupulong sa Pamamagitan ng Teleconference sa Ilalim ng California Government Code, Seksyon 54953(e)**

*Nagbigay si Ana Flores (Opisina ng Abugado ng Lungsod), ng maikling talumpati ukol sa pangkalahatang-ideya ng pagkaangkop ng California Government Code, Seksyon 54953(e), at sinagot ang mga katanungan sa panahon ng talakayan.*

*Tagapagsalita: David Pilpel; nagsalita ukol sa iba't-ibang mga alalahanin patungkol sa Resolusyon.*

**Sinegundahan ni Miyembro Jeremy Lee si Miyembro Pierce sa paghain ng mosyon na ipagtibay ang Resolusyon. Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:**

**Mga Bumoto ng Oo: 9**
**Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

Pansamantalang ipinagpahinga ni Tagapangulong Townsend ang pagpupulong nang 7:58 p.m. at muling pinasimulan nang 8:05 p.m.

**4. Mga Petsa para sa Regular na Pagpupulong, mga Oras, at mga Lokasyon para sa Task Force**

*Nag-presenta sina Angela Calvillo, Klerk ng Lupon, Wilson Ng, at John Tse (Lupon ng mga Superbisor); Gus Guibert at Ana Flores (Opisina ng Abugado ng Lungsod) ng impormasyon kaugnay ng lohistika ng pagsasagawa ng mga off-site na pagpupulong, kasama na ang importanteng mga detalye tungkol sa pagpili ng mga pasilidad, kakayahan ng teknolohiya at cablecast, mga pangangailangan sa tauhan ng iba't-ibang departamento, at mga alalahanin tungkol sa kaligtasan sa pagdalo ng publiko; sinagot din ang mga katanungan sa panahon ng talakayan.*

*Mga Tagapagsalita: David Pilpel; Lauren Girardin at Jenny Tse ng League of Women Voters San Francisco (Liga ng mga Botanteng Kababaihan ng San Francisco); Mary Harris; nagsalita ukol sa iba't-ibang mga alalahanin patungkol sa usapin sa pagdinig.*

*Sinegundahan ni Miyembro Pierce si Miyembro Cooper sa paghain ng mosyon na itakda ang regular na pagpupulong ng Task Force tuwing una at pangatlong Lunes ng bawat buwan, simula 6 p.m. Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:*

*Bumoto ng Oo: 8*
*Jeremy Lee, Hernández Gil, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner*

*Bumoto ng Hindi: 1*
*Pierce*

*Sinegundahan ni Miyembro Hernández Gil si Miyembro Cooper sa paghain ng mosyon na bawiin ang naunang botohan. Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:*

*Bumoto ng Oo: 9*
*Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner*

*Sinegundahan ni Miyembro Ho si Pangalawang Tagapangulong Reiner, sa paghain ng mosyon na itakda ang regular na pagpupulong ng Task Force tuwing unang Lunes at pangatlong Miyerkules ng bawat buwan. Nag-alok ng magiliw na pag-amyenda si Miyembro Chasel Lee sa mosyon na itakda ang petsa sa pangatlong Lunes at unang Miyerkules ng bawat buwan. Bago tawagin ang mga pangalan, inurong ni Pangalawang Tagapangulong Reiner ang mosyon, at hindi ito pinagbotohan.*

**Sinegundahan ni Miyembro Hernández Gil si Miyembro Chasel Lee sa paghain ng mosyon na itakda ang regular na pagpupulong ng Task Force tuwing unang Lunes ng bawat buwan, simula 6 p.m. Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:**

**Mga bumoto ng Oo: 9**
**Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**5. Pagbalangkas ng Mungkahing mga Tuntunin o Bylaws ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito**

*In-update ang teksto ng balangkas ng mga tuntunin para maisama ang regular na petsa ng mga pagpupulong na ipinagtibay ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa usapin 4 ng adyenda.*

*Sinagot nina Andrew Shen (Opisina ng Abugado ng Lungsod); Angela Calvillo, Klerk ng Lupon (Lupon ng mga Superbisor) ang mga katanungan sa panahon ng talakayan patungkol sa balangkas ng iminumungkahing mga tuntunin.*

*Mga Tagapagsalita: Simon Timony; Jenny Tse (League of Women Voters San Francisco); Steven Currier; Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); Marc Powell; David Pilpel; nagsalita ukol sa iba't-ibang mga alalahanin patungkol sa balangkas ng iminumungkahing mga tuntunin.*

*Sinegundahan ni Miyembro J. Michelle Pierce si Miyembro Hernández Gil, sa paghain ng mosyon na alisin ang salitang "miyembro" sa ilang bahagi ng Artikulo IV. Bago ang pagtawag sa mga pangalan, binawi ni Miyembro Hernández Gil ang mosyon, at hindi ito pinagbotohan.*

**Sinegundahan ni Miyembro Pierce si Miyembro Hernández Gil, sa paghain ng mosyon na amyendahan ang artikulo VI, Seksyon 7 ng Mga Tuntunin ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito na alisin ang linyang 'pati na rin ang anumang pagkakataon ng tatlong magkakasunod na pagliban ng miyembro sa regular na miting.' Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:**

**Mga Bumoto ng Oo: 9**
**Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**Sinegundahan ni Miyembro Hernández Gil si Miyembro Chasel Lee, sa paghain ng mosyon na ipagtibay ang naamyendahang Mga Tuntunin ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito. Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:**

**Mga Bumoto ng Oo: 9**
**Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**6. Pagpapakilala at Presentasyon ng Kasangguni sa Pag-Abot, Civic Edge Consulting**

*Ipinakilala at pinaunlakan ni Angel Calvillo, Klerk ng Lupon (Lupon ng mga Superbisor) sina Lisbet Sunshine at Rosie Dilger (Civic Edge Consulting), na silang nagbigay ng pangkalahatang-ideya ukol sa mga serbisyo sa pag-abot sa komunidad na ipinagkakaloob ng Civic Edge Consulting, at sinagot din ang mga katanungan sa panahon ng talakayan.*

*Mga Tagapagsalita: Lauren Girardin at Jenny Tse (League of Women Voters San Francisco); David Pilpel; nagsalita ukol sa iba't-ibang mga alalahanin patungkol sa usapin sa pagdinig.*

**7. Pangkalahatang Pagkomento ng Publiko**

*Mga Tagapagsalita: Sana Sethi (SF Rising); Simon Timony; David Pilpel; nagpamahagi ng iba't-ibang alalahanin sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito.*

**8. Mga Susunod na Usapin sa Adyenda**

*Tinalakay ng mga miyembro ang mga posibleng usapin sa mga susunod na adyenda:*
- *Ang usapin sa adyenda tungkol sa pagtanggap ng update sa datos ng senso;*
- *Ang usapin sa adyenda para mapagusapan pa ang lohistika ng remote na mga pagpupulong, na nakatuon sa mga katanungan ng pagkakaroon at pangangailangan ng cablecast sa pamamagitan ng SFGovTV;*

- *Ang usapin sa adyenda tungkol sa pagsasalin ng mga dokumento ng Task Force sa iba't-ibang wika;*
- *Ang usapin sa adyenda ukol sa kahulugan ng "communities of interest" (tinututukang mga komunidad); at*
- *Ang usapin sa adyenda tungkol sa mga legal na tungkulin ng Task Force at mga hadlang kaugnay sa pag-likha at pagpapatibay ng pinal na mga mapa.*

*Nag-presenta ng impormasyon sina Angela Calvillo, Klerk ng Lupon (Lupon ng mga Superbisor); Andrew Shen (Opisina ng Abugado ng Lungsod) at sinagot din ang mga katanungan sa panahon ng talakayan.*

*Mga Tagapagsalita: Jenny Tse at Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); nagsalita ukol sa iba't-ibang mga alalahanin patungkol sa usapin sa pagdinig.*

**9. Pagtatapos**

*Mga Tagapagsalita: Wala.*

Itinalang lumiban nang 11:03 p.m. si Tagapangulong Townsend hanggang matapos ang pagpupulong.

*Nang dahil wala nang iba pang tatalakayin, tinapos ni Pangalawang Tagapangulong Reiner ang pagpupulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa oras na 11:04 p.m.*

*Pakitandaan. Inilahad ng Katitikan ng pagpupulong na ito ang lahat ng mga pagkilos na ginawa ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa mga usapin na nakasaad, ngunit hindi nakaayon sa pagkakasunud-sunod ng pagtalakay sa mga nasabing usapin.*

**Inaprobahan: Oktubre 22, 2021**
**Task Force para sa Muling Pagdidistrito**